TOLL-FREE: 1-800-337-7222
TTY TOLL-FREE: 1-800-263-7776

www.ontario.ca/budget

TINUTULUNGAN ANG MGA NAGMAMANEHO SA ONTARIO NA MAKATIPID

Ginagamit ng pamahalaan ang kanyang tagumpay upang gawing matatag ang gastos sa auto insurance para sa mahigit na siyam na milyong nagmamaneho sa Ontario sa pamamagitan ng pagmungkahi ng:

- ☑ Isang stratehiya na magbabawas sa cost at rate, na siyang magbabawas nang 15 porsiyento sa mga auto insurance premium para sa mga consumer.
- ☑ Hilingin ang mga insurer na mag-alok ng mga mas mababang rate sa mga maingat na nagmamaneho.
- ☑ Isang patuloy na crackdown sa pandaraya sa auto insurance upang protektahan ang mga consumer at bawasan ang gastos.
- ☑ Bagong accountabilty at mga hakbang sa transparency upang rebyuhin ang gastos ng industriya at upang masiguro na ang natitipid ay ipinapasa sa mga consumer.

ONTARIO TRILLIUM BENEFIT: MAY MAS MAPAGPIPILIAN ANG MGA TAO

Iminumungkahi ng pamahalaan na hayaan ang mga tao, simula sa 2014, na tumanggap ng Ontario Trillium Benefit (OTB) nang isang beses o buwan-buwan.

Pinagsasama ng OTB ang tatlong tax credit at ginagawa itong isa.

Marami ang gustong makakuha ng tulong buwan-buwan kasabay ng pagdating ng kanilang bills; nais naman ng iba ng iisang payment lamang.

Ontario

ISANG MAUNLAD AT MAKATARUNGANG ONTARIO

ONTARIO BUDGET

2013

© Queen's Printer for Ontario, 2013

Ang *2013 Budget* ay ang bagong plano ng pamahalaan ng Ontario upang palakasin ang ekonomiya ng probinsiya at bigyan ang bawat tao ng pagkakataong magtagumpay.

Ang performance ng ekonomiya ng Ontario ay mas malakas kapag ang lahat ay may pagkakataong makapagtrabaho, lumahok sa buhay ng kanilang mga komunidad, at magbigay ng kontribusyon sa pag-unlad ng probinsiya.

Ang tungkulin ng pamahalaan sa paglikha ng mga trabaho ay ang hikayatin ang tamang kapaligiran para sa mga negosyo at mga entrepreneur na kumuha ng mga risk, gumawa ng mga investment, lumikha ng mga trabaho, at magtulak sa innovation.

DAAN PATUNGO SA PAGBALANSE

Ang pagtanggal ng deficit ay ang kaisa-isang pinakamahalagang bagay na magagawa ng pamahalaan upang siguraduhin ang pag-unlad ng Ontario.

Nangangako ang pamahalaan ng Ontario na tanggalin ang deficit pagdating ng 2017-18.

Ang deficit para sa 2012-13 ay tinatantiyang magiging $9.8 bilyon – ito'y mas mababâ nang $5 bilyon kaysa sa ipinalagay sa Budget ng nakaraang taon.

Dahil sa mga kilos na ginawa ng pamahalaan, nakapagreport ang Ontario ng mga deficit na mas mababâ kaysa sa ipinalagay para sa pang-apat na kasunod na taon.

Ang paglaki ng gastos sa programa ay ipinapalagay na mas kaunti sa isang porsiyento para sa pangalawang kasunod na taon.

ISANG PLANO PARA SA MGA TRABAHO AT PAGLAGO NG EKONOMIYA

Ang plano ng Ontario para sa mga trabaho at paglago ng ekonomiya ay itinatatag sa malakas na fundamentals ng ekonomiya na sinusuportahan ng polisiya at investments ng pamahalaan sa anim na mahalagang lugar:

1. Kompetitibong Lugar para sa Negosyo — ang pagsuporta sa isang kompetitibong sistema ng tax at mabisang regulasyon ay nagtataguyod sa investment sa bagong negosyo upang lumikha ng trabaho at lumago ang ekonomiya
2. Modernong infrastructure — ang investment sa transit, mga daanan, mga eskwelahan, at mga ospital ay mahalaga para sa isang produktibong ekonomiya.
   - Plano ng pamahalaan na mag-invest ng mahigit sa $35 bilyon sa darating na tatlong taon sa mga mahalagang dako tulad ng transportasyon, health care at edukasyon upang suportahan ang mahigit sa 100,000 trabaho sa karaniwan bawat taon sa buong probinsiya.
3. Highly Skilled na mga Manggagawa — ang pag-invest sa skills at edukasyon at paglikha ng trabaho para sa mga kabataan ay magsisiguro na ang mga tao sa probinsiya ay makakapagtrabaho at uunlad.
   - Iminumungkahi ng pamahalaan ang isang komprehensibong Youth Jobs Strategy na may investments na nagkakahalaga ng $295 milyon sa darating na dalawang taon upang itaguyod ang mga pagkakataon sa trabaho, entrepreneurship at innovation para sa mga kabataan sa Ontario.
4. Pagtaguyod ng Entrepreneurship at Inobasyon — pagpapalakas sa kakayaan ng Ontario na kunin ang mga kuru-kuro at gawin silang mga naiibang goods at services para sa pangmundong ekonomiya.
5. Going Global — pakikipagtulungan sa negosyo upang palawakin ang market access sa mga bagay at mga serbisyo sa labas ng Ontario, ibig sabihin, sa ibang mga probinsiya, sa Estados Unidos, at sa mga bansang may lumalaking ekonomiya.
6. Mga Masigla at Malakas na Komunidad — tinutulungan ang lahat ng mga komunidad at mga rehiyonal na ekonomiya na magbenepisyo mula sa paglikha ng trabaho at paglago ng ekonomiya.

ISANG MAKATARUNGANG LIPUNAN

Ang performance ng ekonomiya at lipunan ng Ontario ay mas lumalakas kapag ang lahat ay may pagkakataong magtagumpay sa kanilang pinaka-makakaya.

Patuloy na Naghahatid ng Mahusay na Pampublikong Serbisyo sa pamamagitan ng:

- ☑ Pagpapahusay ng access sa mahusay na mga serbisyo sa health care para sa lahat.
- ☑ Pagtaguyod sa tagumpay ng estudyante, kabilang ang lubos na pagsasagawa ng buong-araw na kindergarten at pagdagdag ng focus sa skills na kinakailangan ng mga batang estudyante.
- ☑ Pagbigay ng 30% Off Ontario Tuition grant upang gawing mas madali ang makapag-aral pagkatapos ng high school.



Pagmungkahi na Dagdagan ang mga Pagkakataon para sa mga Tao sa pamamagitan ng:

- ☑ Pagsimula ng $200 bawat buwan na earnings exemption upang bawasan ang mga hadlang sa trabaho para sa mga tumatanggap ng social assistance.
- ☑ Pagdagdag ng rates para sa social assistance, kabilang ang pagdagdag para sa walang asawang adults na walang mga anak na tumatanggap ng Ontario Works.
- ☑ Pagdagdag ng Ontario Works liquid asset limits upang tulungan ang mga tumatanggap na makatipid at magkaroon ng mas mainam na sitwasyon sa pananalapi.
- ☑ Pagsuporta ng mas maraming mga pagkakataon para sa mga Aboriginal na tao sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pagbabago sa social assistance, karagdagang suporta para sa housing at pagbabago ng mga serbisyo upang mas maiging matupad ang mga pangangailangan ng mga Aboriginal na bata at mga kabataan.

www.ontario.ca/budget